

Subersibong Potensiyal ng Makina ng Pagsasalin: Google Translate at Tula ni Carlos Bulosan /

The Subversive Potential of Machine Translators: Google Translate and a Carlos Bulosan Poem

Michael Francis C. Andrada
University of the Philippines–Diliman
mcandrada@up.edu.ph

Inobasyong teknolohikal ng ika-21 siglo ang mga “machine translator” o “automatic translator.” Bagamat limitado ang kakayahan sa pagsasalin, malaki ang ambag o tulong ng mga makina ng pagsasaling ito. Ang online statistical machine translator (SMT) na Google Translate ang isa sa pinakapopular na makina ng pagsasalin sa kasalukuyan. Maaari itong kasangkapanin ng kahit sino, ng kahit anong ideolohiya, at para sa iba’t ibang layuning pampolitika, pangkultura, at pang-ekonomiya. Ipinakita sa papel na ito na may potensiyal ng subersiyon sa paggamit sa Google Translate bilang pangtulong na makina ng pagsasalin, taliwas sa orihinal na monopolyo kapitalistang ethos ng crowdsourcing bilang pribatisasyon ng wika at impormasyon, at bilang ekspansiyon ng merkado. Ipinamalas sa papel ang isang makabayan at anti-imperyalistang proyekto sa pamamagitan ng pagsasalin ng isang tulang Ingles ni Carlos Bulosan tungo sa wikang Filipino.

Mga Susing Salita: anti-imperyalista, Carlos Bulosan, makabayan, makina ng pagsasalin, pagsasalin, tula

The machine or automatic translator is a distinct 21st technological innovation. Although limited in its capability to translate, it is generally appreciated as a powerful adjunct tool for translation. Among today’s most popular machine translators is Google Translate, an online statistical machine translator (SMT). It may be utilized by anyone, by any ideology, and for a variety of political, cultural and economic objectives. This paper is a project on the subversive potential of translation using Google Translate as an aid for translation, contrary to its original monopoly capitalist ethos of privatizing language and information, and of market expansion. This paper articulates a possibility for a nationalist and anti-imperialist project by using Google Translate as an adjunct tool to translate from English to Filipino a poem written by Carlos Bulosan.

Keywords: Carlos Bulosan, translation, poetry, anti-imperialist, nationalist, machine translator

PANIMULA

Bagamat pribatisasyon at negosyo ang mga ethos ng Google Translate (www.translate.google.com), hindi maisasantabi na tulad ng anumang teknolohiya, ang online statistical machine translator (SMT) na ito ay maaaring gamitin ninuman para sa anumang ideolohikal na layunin. Ang teknolohiya na Google Translate ay maaaring kasangkapin ng akademya, ng mga miyembro ng iba't ibang organisasyon, ng dominanteng kaayusan, ng mga sosyo-politikal na kilusan, samahan, at iba pa, para sa mga partikular na layuning ideolohikal at politikal.

Sa Pilipinas, sa panahong malakas pa rin ang impluwensiya ng imperyalistang gobyerno ng Estados Unidos, ang Google Translate na produkto ng kapitalistang korporasyong *Google* ay maaaring gamitin bilang pangtulong na teknolohiya para sa mga proyektong bumabalikwas sa imperyalismong Estados Unidos. Magagawa ito sa pamamagitan ng mga anti-imperyalistang proyekto ng pagsasalin—nakatuon sa pagsasalin ng mga akdang makabayan, mga akdang humuhubog ng progresibong kaisipan, at mga tekstong nagpapatampok ng anti-imperyalistang paglaban. Tinatawag itong kultural na akto ng subersiyon—ang paggamit sa mga produkto at teknolohiya ng mananakop upang labanan mismo ang mga mananakop. Sa lokal na kultural na pakiwari, tinatawag itong “paggisa sa sariling mantika.”

Gamit bilang pantulong na makina ang Google Translate, pinili ng mananaliksik na isalin ang isang tula ni Carlos Bulosan, kilalang migranteng Pilipino, makabayan at progresibong Pilipinong manunulat na kalautang o migrante sa Estados Unidos. Ipinakilala sa kanon ng panitikang Filipino ang nobela ni Bulosan na *America is in the Heart*, ngunit pinili ng mananaliksik na isalin—at baybayin ang proseso ng pagsasalin—ng kaniyang tulang “The Foreigners” upang mapagita ang anti-imperyalistang proyekto sa nasabing tula. Napapanahong balikan at patingkarin ang isang anti-imperyalista at manunulat ng satirika o panunudyong na tulad ni Bulosan bilang pampanitikang ambag upang labanan ang misedukasyon at Amerikanisasyon ng mga Pilipino.

Crowdsourcing, “Libreng” Pagsasalin, at Lokalisasyon ng Globalisasyon

Isang tiyak na layunin ng kahit anumang negosyo

ay ang pagseseguro ng kita o tubo. Nagagawa ito sa pamamagitan ng pagpapalawig ng merkado, na siyang prinoyekto ng korporasyong *Google* sa pamamagitan ng pagsipat sa merkado nito sa Internet: ang pamilyang Pilipino, migranteng Pilipino, at mag-aaral na Pilipino. Upang maparami ang mga parokyano ng kanilang negosyo, kakasangkapanin nila ang anumang bagay at susuungin ang anumang larangan, maging ang larangan ng wika at pagsasalin.

Sa katunayan, dalawang tiyak na operasyon ng wika at pagsasalin ang kinakasangkapan ng *Google* sa Pilipinas: Una, maaaring piliin ng isang Google user kung ano ang magiging “default language” na gagamitin sa Chrome, ang web browser ng *Google*. Ikalawa, ang web-based SMT na Google Translate na kayang isalin ang humigit-kumulang 100 mga wika sa buong mundo, kabilang ang mga wikang Filipino at Cebuano. May kakayahan itong magsalin ng mga salita, parirala, pangungusap, pahina, libro, at buong website.

Isa sa matingkad na inobasyong teknolohikal ng ika-21 siglo pagdating sa larangan ng pagsasalin ay ang tinatawag na “automatic translator” o “machine translator” na gumagamit ng computer software. Batid ang halaga ng wika at pagsasalin para sa pagpapalawig ng kapit sa mga merkado nito, inilunsad ng *Google* noong 2006 ang Google Translate, isang “libreng” multilinguwal na SMT na may kakayahang magsalin ng mga salita, teksto, pagsasalita o pagbigkas (audio), imahen, websites, at bidyo mula sa isang simulaang lengguwahe (SL) patungo sa mga tunguhang lengguwahe (TL). Tinatayang nasa 200 milyong tao kada araw ang gumagamit ng Google Translate. Sa unang sabak, upang maisagawa ang Google Translate, ginamit ng *Google* ang mga dokumento ng United Nations (UN). Lahat ng mga dokumento ng UN ay inilalathala nito sa anim na opisyal na mga wika nito—ang Arabic, Chinese, English, French, Russian, at Spanish. Mula rito ay nakalikha ng anim na malalaking language corpus ang *Google*. Kumuha rin ang mga representante ng *Google* ng bilingual data mula sa mga pananaliksik sa Japan.

Dalawa ang lebel ng pagsasalin gamit ang awtomatiko o makinisadong translator: Ang una ay ang pagsasaling salita-sa-salita o transliteral na hinahanap ng computer software mula sa database nito ang katumbas ng simulaang teksto sa isang tunguhang teksto. Ang ikalawa naman ay ang rekombinasyon ng mga salita mula sa isang SL tungo sa isang TL.

Sa ikalawang lebel ng awtomatikong pagsasalin, nakadepende sa lawak ng input (in-upload o tinayp ng mismong mga tao sa database ng *Google*) —kung paano magmimistulang “mala-tao” ang resulta ng pagsasalang makinisado.

Gumagamit ng dulong-estadistikal (statistical approach) ang *Google Translate*. Nakabatay ang algoritmo (step-by-step na mga aksiyon o operasyon tulad ng pagkalkula, pagproseso ng datos, at automated reasoning) ng *Google Translate* sa pag-aanalisisang estadistikal (statistical analysis) sa halip na sa “rule-based analysis.” Ang statistical model ng *Google Translate* ay nakasalalay sa kung gaano kalawak o kakitid ang mga bilingual text corpus, o ang database ng mga simulaang teksto at mga tunguhang teksto.

Hindi gumagamit ang *Google Translate* ng mga batas sa gramatika dahil ang algoritmo nito ay nakasandig sa pagsusuring estadistikal. Ang SMT ay isang “translation paradigm” na nagluluwal (generate) ng mga salin batay sa mga modelong estadistikal ng mga “bilingual text corpus” o “parallel collection.” Samakatwid, ang mga source ng modelong estadistikal ay nagmumula sa pagsusuri ng mga bilingguwal na modelo at mga bilingguwal na teksto. Hindi perpekto at hindi 100% tumpak (accurate) ang *Google Translate*.

Mahalagang elemento ng kultura ng globalisasyon ang wika at pagsasalin. Nakakabit na ang wika at pagsasalin sa diskurso ng “lokalisasyon ng globalisasyon.” Sa lokalisasyon ng globalisasyon, ang mga produkto at prinsipyo ng global na kapitalismo ay iniaakma sa lokal na kultura ng mga neokolonya ng mga imperyalistang bansa tulad ng Estados Unidos.

Sa panahon ng globalisasyon, ang pagsasalin ay tiyak na pagpapalawig ng merkado. Sa bawat pagsasalin sa wika ng isang target na bansa, ang mga global na kapitalistang tulad ng *Google* ay nakapaglolokalisa ng mga programa at produkto nito. Isa sa mga natatanging operasyon sa Internet ng mga global na kapitalista ang tinatawag na *crowdsourcing*—ang paghikayat sa mga netizen, Internet user, at iba pang parokyano ng elektronikong mundo upang “mag-ambag” sa porma ng impormasyong ilalagak sa Internet upang diumano’y makatulong sa pagpapaunlad ng isang proyekto o aplikasyon sa Internet, para diumano sa ganansiya ng publiko.

Sa katunayan, noong Agosto 2015, pirming ganito ang itinambol na tunguhin nang inilunsad ng *Google Philippines* ang lokalisasyon ng global na proyektong crowdsourcing na “Love Your Language.” Hinihikayat

ng *Google* ang mga user at tagasalin na makapag-ambag sa pagbubuo ng mataas na kalidad ng mga pagsasalin sa world wide web sa pamamagitan ng pag-anib sa *Google Translate Community*. Sa partikular, hinimok ng *Google Philippines* ang mga Pilipino na mag-ambag ng pagsasalin sa mga wikang Filipino at Cebuano. Kinuha rin ng *Google Philippines* ang suporta ng Komisyon ng Wikang Filipino, ang ahensiya ng gobyerno hinggil sa wika, para sa nasabing proyekto ng pagsasalin at/o balidasyon ng mga nakasalin na sa mga wikang Filipino at Cebuano.

Malinaw ang lokalisasyon ng globalisasyon gamit ang crowdsourcing sa pahayag ni Gail Tan ng *Google Philippines*: “*In the Philippines, we wanted to empower Filipinos to build a Web that works for them by actively contributing to the representation, accuracy and understanding of our languages online and cultivate the creation of relevant local content.*” (Quismondo, “Google asks Pinoys to translate Web to Filipino, Cebuano”). Nakapakete ang lokalisasyon ng *Google* sa mabulaklak at tila makabayang mga salitang “empower Filipinos” upang makalikha ng “relevant local content” para sa mga Pilipino. Ito mismo ang operasyong pangkultura na matatalisod sa lokalisasyon ng globalisasyon—ang pagsasalin ay kasangkapan upang makapagpalawak ng sakop ng impluwensiya, at upang makapagpalawak ng merkadong paglalagakan ng mga global na kapitalistang produkto.

Samakatwid, lahat ng negosyo ay may wika. At ang pagsasalin ay isang negosyo. Ang crowdsourcing ng *Google Translate* na “Magmungkahi ng pag-edit” ay sa aktuwal pribatisasyon ng iminungkahing edit o salin ng isang user “nang walang pagkakakilanlan” o anonymous. Ang inaakalang libreng online translator ay isang malaking makina para makaimbudo ng pag-aari at ng kita. Kung gayon, ang crowdsourcing ay tila pagbibigay-kapangyarihan at pagbibigay-kalayaan sa pag-ambag sa produksiyon ng salin at impormasyon sa Internet, ngunit sa aktuwal ay pribatisasyon ng mga ambag na ito.

Kung hindi nais ng isang user na maging anonymous o user na “walang pagkakakilanlan” ay ililipat naman sa isa pang pribadong espasyo ng negosyo ang user at tagasalin. Ito ay sa pamamagitan ng nilikhang “komunidad” ng *Google Translate*. Ang pribatisasyon ng crowdsourcing ay itinago sa pangalang “komunidad,” ang *Google Translate Community* (<https://translate.google.com/community>).

Kahit sino ay maaaring maging miyembro ng komunidad na ito sa pamamagitan ng libreng pag-sign up gamit ang Google account. Ibinabandera ng nasabing komunidad ang tatlong halaga ng pagiging miyembro ng komunidad: “(1) Tumulong na pahusayin ang Google Translate para sa mga wikang ginagamit mo, (2) Isalin ang mga salita o parirala, o tingnan kung tama ang pagkakasalin, at (3) Tumanggap ng mga puntos at badge para sa iyong mga kontribusyon.”

Dito mahihibo ang aporismo ng pribatisasyon at negosyo ng Google Translate. Hindi nito tahasang binabanggit na magiging pagmamay-ari na ng kumpanya ang mga ambag ng tagasalin. Nakapakete ito bilang isang komunidad ng mga tagasalin. Mga tagasalin na “tumutulong” upang “pahusayin” ang Google Translate. Isinusuko ng user ang anumang intellectual property rights niya sa kaniyang “mga kontribusyon” dahil ang mga isinalin niya ay pribadong pagmamay-ari na ng Google Translate bilang “mga kontribusyon.” Ang lahat ng input na isusumite ng account ay magiging bahagi na ng database ng Google Translate at malayang gagamitin ng korporasyon para sa pagsasalin ng kahit anong matatagpuan sa world wide web.

Samakatwid, nasa yaman—o kakayahan ng *Google* na pasukin ang publiko at maging ang pribadong mundo ng mga user at parokyano, at maging ng inosenteng napadaan lang sa *Google*—ng database nito ang kapangyarihan ng pagsasalin nito. Kapangyarihang nakasandig sa pagtangkilik sa *Google*, sa crowdsourcing, sa pribatisasyon ng impormasyon, hanggang sa invasion ng privacy sa mundo ng *Google Chrome*.

Sa gitna ng agresibong pribatisasyong ito, hindi malalabusaw ng *Google Translate*, o ng iba pang machine translator, ang halaga ng mismong tagasalin. Maaaring magsilbi ang *Google Translate* bilang isang pantulong na makina sa pagsasalin. Ngunit pinakamahalaga pa rin ang kakayahan ng tagasalin—ang kaniyang karanasan, kapasidad, kakayahan at kahusayan—upang makapagluwal ng pinakamahusay na salin at adaptasyon.

Pagsasalin ng Tulang “The Foreigners” ni Carlos Bulosan: Posibilidad ng Subersiyon Gamit ang Google Translate

Malaki ang potensiyal na ibinubukas ng awtomatikong pagsasalin, lalo na’t makapag-aambag

ito sa malalaki at kritikal na mga proyekto ng pagsasalin. Hindi man nito 100% maisalin at mapagmistulang tao-ang-nagsalin ay makakasangkapan ito ng mga iskolar, mananaliksik, at tagasalin para sa iba’t ibang proyekto, kabilang ang pagbibigay-puwang para sa malikhain, kritikal, at makabayang pagsasalin sa Pilipinas.

Pinili ng mananaliksik na isalin ang tulang “The Foreigners” ni Carlos Bulosan bilang bahagi ng proyekto ng makabayang pasasaling nakatuon sa pagsisiwalat ng relasyon ng Pilipinas at ng imperyalistang Estados Unidos. Ayon sa kritikong si E. San Juan, Jr. sa kaniyang pinamatnugutang *On Becoming Filipino: Selected Writings of Carlos Bulosan*, si Bulosan ay matingkad na halimbawa ng isang Pilipinong pesante na nangibang-bansa sa yugto na ganap nang neokolonya ng Estados Unidos ang Pilipinas (3). Naranasan ni Bulosan ang mga unang bugso ng pagpapangayupapa ng Estados Unidos sa Pilipinas. Sa pagtungo ni Bulosan sa Estados Unidos, kinaharap naman niya ang Great Economic Depression ng 1930s na nagpatingkad ng karanasang migrante o kalautang ni Bulosan. Ani San Juan sa parehong libro:

“Equipped only with textbook stereotypes of American society and its affluence, Bulosan landed in Seattle, Washington, in 1930, during the worst economic crisis of the twentieth century: the Great Depression. Laboring in restaurants and farms in those years of poverty, homelessness, and racial antagonisms, he was exposed to the suffering of migrant workers scattered from California to Alaska, and in the process, learned their survival craft. The Depression inflicted on Filipinos (100,000 in Hawaii, 30,000 in California) severe unemployment, intense labor exploitation, and rampant vigilante violence” (5).

Sa katunayan, ang tinuran ni San Juan na sosyo-ekonomiko at politikal na kontekstong ininugan ng buhay at pagsusulat ni Bulosan sa Estados Unidos ay magbibigay ng malinaw na larawan ng unang akda ni Bulosan na isasalin at komprehensibong tatalakayin sa papel na ito, ang tulang “The Foreigners”:

The Foreigners Carlos Bulosan

You cannot blame us. We followed the sun
And the rain with gladness and hope.

There are many lands to go to,
 But we are astounded by your horizons,
 And we are glad we came with our children.
 We came to share with the machinery of your
 greatness,
 But we are unhappy to discover this:
*Your people are miserable from the lack of
 mutual speech,*
And their children are stereotyped.
 We cannot be like them—
 We brought our country's speech with us.

I am afraid I cannot write our language,
 But I can work and walk in the streets
 People with men who know no compromise,
 Till I stumble against you in the dark;
 And I can rap at you and scratch you like a cat,
 And I can make you feel the strength of our city.

We can jump over the tall buildings like leaves
 But without words to deceive us,
 And fall upon your feet
 But without tears to deceive us—
 We are invincible with death!
 Look and examine us!

(San Juan, 1995)

Sa kaniyang *Carlos Bulosan and the Imagination of the Class Struggle*, itinanghal ni San Juan ang tulang “The Foreigners” bilang bahagi ng tinawag niyang “*poetics of anti-individualism*” ni Bulosan (1972). Isa sa mga unang akda ni Bulosan ang naturang tula na nalathala sa *The Lyric* noong 1935.

Ang mga dayuhan na tinutukoy ni Bulosan sa kaniyang mga tula ay ang mga migrante sa Estados Unidos tulad ng mga Pilipino, tulad ng maraming tulad niya na mga Ilocano-Pangasinan na mga ibinenta sa mga kontraktor na may-ari ng mga pabrika at pagawaan sa Estados Unidos. Ang mga dayuhang Pilipino ay kabilang sa mga manggagawang Pilipino sa Los Angeles at San Francisco, California na noong Great Depression ay inalila bilang mga manggagawa sa pabrika (San Juan, 2004) at bilang mga “*bellboys, bus boys, waiters, dishwashers (where) (t)hey lived in groups, which though ever-shifting, were nevertheless based on familial or at least provincial alliances*” (Evangelista, 1985).

Sa “The Foreigners,” ipinakita ni Bulosan, sa paraan

ng “*imagistic realism and meditative but dynamic sensibility*” (San Juan, 1972), ang pagpapakahulugan ng mga dayuhan o migrante sa Estados Unidos sa kabuluhan nila bilang “Iba” o “Other” sa isang dayuhang bansa. Mababasa na dalawang dayuhan ang ipinamamalas ng poetika ni Bulosan sa nasabing tula: ang dayuhang migranteng manggagawa at ang dayuhang bansa na kanilang pinuntahan at pinagtatrabahuhan. Sa yugto ng pagiging ganap na neokolonya ng Pilipinas, ang Estados Unidos ay ang eupemismo na “*land of milk and honey*” o “*the greener grass on the other side*.” Kaya naisatitik ni Bulosan na nais makibahagi ng mga dayuhan sa Estados Unidos sa “*machine of your greatness*” na siyang ipinapamutawi ng neokolonisador na Estados Unidos.

Sa pamumuhay at pagpapakaalipin ng mga dayuhan o migranteng Pilipino sa mga pabrika at negosyo sa Estados Unidos, inilalagay ng dayuhan ang sarili sa lokus ng “kaibahan.” Ang “othering” o “pag-iiba” na mapapansin sa tula ay naisabersa sa mga sumusunod na linya na pinag-iiba ng dayo ang sarili sa mga mamamayan ng Estados Unidos hinggil sa wika: “*And their children are stereotyped. / We cannot be like them— / We brought our country's speech with us.*” Ang “othering” ay kapuwa pagtanggap ng kaibahan at asersiyon ng identidad sa isang dayuhang bayan.

Sa suri ni San Juan, inilatag niya na isinasalarawan ni Bulosan ang dayuhan bilang bagong-salta na hindi pa ganap na nasusuri ang kabuuang pangkasaysayan at pang-ekonomiyang dahilan ng pagiging “kalautang” o “dayuhang” manggagawa nila sa Estados Unidos. Ani San Juan, “*Bulosan explains the misfortune of the foreigners who have been lured by the promise of the industrial yet ‘unknown’ city, the ‘machinery of your greatness.’ Hopeful and exuberant at first, they waste their lives in refusing to compromise. Despair springs from the foreigners’ ignorance, their indiability to analyze the historical reasons for what they have observed*” (1972).

Mula sa uring pesante sa Pilipinas patungo sa pagiging manggagawa sa Estados Unidos, ang buhay at panulat ni Bulosan ay patunay ng di-pantay na ugnayan ng imperyalistang Estados Unidos at ng neokolonya nitong Pilipinas. Sinabi ni San Juan na ang anti-imperyalistang pakikibaka ang nagsilbing tulak kay Bulosan sa pampanitikang imahinasyon nito bilang bagong-salta o dayo na nilalanguyan ang “*new exigencies, the new problems brought about by their transposition to another culture and another socio-*

economic formation. Bulosan records the mixed pride and fear of the foreigners” (1972). Nangangahulugan ito ng hindi-pantay na pag-unlad at pag-unawa maging ng mga dayuhan, lalo na’t nasasabak sila sa “tiyan ng kaaway” at mananakop na bansang nag-aastang kaibigan.

Ang ganitong relasyon at pagpapakaranasang Pilipinas–Estados Unidos ay nagluwal ng iba’t ibang uri ng Pilipino—hindi lamang sa nosyon ng lahi kundi maging sa kultura, politika, at ideolohiya. Sa katunayan, kahit mismo sa loob ng kasalukuyang neokolonyal na Pilipinas, masusuri na hinati ng pagpapakaranasan at relasyong ito ang mga Pilipino sa pamamagitan ng isang dimensiyon ng giyerang pang-uri: maka-Estados Unidos at kontra-Estados Unidos.

Mahihiwatigan sa bansa ang pagkakaroon ng isang “giyerang sibil”—mga Pilipino ang kapuwa nagtutunggali sa isang masalimuot na kulturang neokolonyal na nabuo nang dantaong pananakop at paghahari ng imperyalismong Estados Unidos sa bansa. Kakabit na nito ang lisyang nosyon ng dependensiya sa makapangyarihang bansa—ang lisyang pagkakapagkit at pagkakaugat ng neokolonyal na kalagayan ng bansang ibinunga ng imperyalismong Estados Unidos.

Sa puntong ito, may bisa ang akda ni Bulosan, lalo na’t maraming sentimyento ang mga migranteng Pilipino na nagtatrabaho at naninirahan sa Estados Unidos na huwag dapat diumanong kumalas ang gobyerno ng Pilipinas sa gobyerno ng Estados Unidos. Ang boses at kaisipang anti-imperyalista ni Bulosan ay maaaring makapag-ambag sa paglilinaw at pagbibigay-direksiyon sa neokolonyal na karanasan at pagbabago ng kasalukuyang Pilipinas sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga akda ng isang Pilipinong migranteng nakaranas ng direktang epekto ng imperyalismong Estados Unidos.

Ang Banyaga: Pag-Google Translate sa Tulang “The Foreigners”

Ang “Ang Banyaga” ang salin ng Google Translate sa pamagat ng tulang “The Foreigners” ni Bulosan. Sa pagsasalin gamit ang Google Translate, nageksperimento ang mananaliksik sa lawak at limitasyon ng kakayahan o algoritmo ng SMT batay sa mismong impormasyon ng Google Translate. Nauna nang napansin ng mananaliksik ang sumusunod. Magkakaiba ang resulta ng pagsasalin ng Google Translate sa tulang “The Foreigners”:

1. hindi laging pareho ang salin sa Filipino kapag malaking titik ang una o lahat ng titik ng isang salita
2. hindi laging pareho ang salin depende sa bilang at kombinasyon ng mga salita kada linya ng tula
3. hindi laging pareho ang pagkapitalisa ng mga titik mula sa simulaang teksto tungong tunguhang teksto
4. nagbabago ang salin kapag isahan o maramihan ang bilang ng isang salita

Masdan ang baryasyon sa pagsasalin ayon sa mga kondisyong nabanggit sa itaas:

Talaan Blg. 1

TEKSTONG ISASALIN (TI)	SALIN (S)
1) The Foreigners	1) ang dayuhan
2) the Foreigners	2) ang mga dayuhan
3) the foreigners	3) ang mga dayuhan
4) THE FOREIGNERS	4) ANG BANYAGA
5) THE foreigners	5) THE dayuhan
6) The Foreigner	6) Foreigner ang
7) the Foreigner	7) ang Foreigner
8) the foreigner	8) Taga Ibang Lupa
9) foreign	9) dayuhan
10) foreigner	10) dayuhan
11) foreigners	11) dayuhan
12) FOREIGN	12) FOREIGN
13) FOREIGNER	13) dayuhan
14) FOREIGNERS	14) BANYAGA
15) the FOREIGNERS	15) ang BANYAGA
16) THE FOREIGN	16) THE FOREIGN
17) tHE fOREIGNER	17) Taga Ibang Lupa
18) Foreign	18) dayuhan
19) Foreigner	19) dayuhan
20) Foreigners	20) dayuhan

Kapansin-pansin na nagbabago ang karamihan ng resulta, hindi eksakto ang pagsasalin, hindi sumusunod ang iba sa morpolohiya at gramatika, at ang iba’y kakaiba ang salin batay sa mga nagbabagong kondisyon ng inilalatag na tekstong isinasalin. Dahil ang lahat ng pagsasaling ito ay mga “artificial intelligence guesses” lamang batay sa algoritmo ng

Google Translate. Samakatwid, mga halimbawa ito ng kakayahan at limitasyon ng Google Translate batay sa bilingual corpus ng mga simulaang lengguwahe at tunguhang lengguwahe na nakalagak sa database nito. Kung gaano kalawak at karami ang mga corpus at database na pagbabatayan ng isang tekstong isasalin at pagsasalinan ay ganoon lang din kalawak o kalimitado ang magiging resulta ng proseso ng pagsasalin sa Google Translate.

Mapapansin halimbawa sa salin ng TI1 (“The Foreigners”; parehong malalaki ang unang titik ng dalawang salita), ng TI2 na (“the Foreigners”; ang ikalawang salita lamang ang malaki ang unang titik), at ng TI3 (“the foreigners”; lahat ay nasa maliliit na titik) na ang bilang ng pangalan (maramihan) ay mas tumpak na naisalin sa S2 at S3 (“ang mga dayuhan”) kaysa S1 (“ang dayuhan”). Maramihan ang bilang ng pangalan sa TI1, TI2, at TI3, ngunit tanging sa S1 lamang naging isahan ang bilang ng pangalan. Mapapansin din na ang pagkakasalin ay lahat nasa maliliit na titik kahit pa ang mga tekstong isinalin ay may malalaking titik.

Mapapansin din sa eksperimento sa itaas na apat na salita o parirala ang naging resulta o salin ng Google Translate sa batayang tekstong “foreigner”:

- a. dayuhan—na siyang pinakamarami; 11 sa 20 eksperimental na salin
- b. foreigner—apat na beses sumulpot bilang salin; nangangahulugang minintina ng Google Translate ang orihinal na Ingles na salita kahit na ang hinihiling ay isalin sa wikang Filipino
- c. banyaga—tatlong beses na lumitaw bilang salin
- d. Taga Ibang Lupa—dalawang beses nagresulta bilang salin

Batay sa frequency, mas matingkad sa corpus o database ng Google Translate ang salitang “dayuhan” bilang salin ng “foreigner” sa kaso ng pag-eksperimento

sa 20 permutasyon ng pamagat na “The Foreigners.” Maaari nang magdesisyon ang isang tagasalin kung tatapusin niya sa puntong ito ang pagsasalin sa nasabing pamagat batay sa frequency at estadistika, o kung sasangguniin pa niya ang inihahain ng Google Translate na iba pang “Mga pagsasalin.”

Sa ilalim ng kanang kahon ng Google Translate ay lilitaw ang “Mga pagsasalin.” Nangangahulugan ito na maaaring konsultahin ng tagasalin ang nakalistang mga salita na parang diksiyonaryo ang tinutunghayan o kinokonsulta. Limang salita ang iniluwal ng Google Translate bilang mga pagsasalin ng salitang “foreigner”: dayuhan, banyaga, estranghero, dayo, at tagaibang bansa.

Mapapansing may tatlong bagong salin ang idinagdag ng Google Translate: estranghero, dayo, at tagaibang bansa. Hindi kasama rito ang mga salitang “foreigner” at “Taga Ibang Lupa” na sumulpot sa eksperimental na pagsasalin sa mas naunang bahagi. Makikita rin na mas mahahaba ang mga bar ng “dayuhan” at “banyaga” kumpara sa “estranghero,” “dayo,” at “tagaibang bansa.” Nangangahulugan itong mas mataas ang frequency ng mga salitang “dayuhan” at “banyaga” sa database ng Google Translate.

Kahilera ng bawat salitang iminungkahi ng Google Translate ay matatagpuan ang mga kasingkahulugang salita sa wikang Ingles. Makatutulong ito upang mas lalong makapaglimi, makapag-isip, at makapagdesisyon ang tagasalin ng pinakaangkop na salita mula sa artificial intelligence guesses ng Google Translate.

Mula rito, maaari nang isalin nang buo ang “The Foreigners” ni Bulosan sa tulong ng Google Translate. May kakayahan ang makinang ito na isalin nang buo ang tula. Makikita ang resulta sa Talaan Blg. 2, na mapapansing kalakhan ay direktang pagsasalin batay sa estadistikal na metodo ng Google Translate:

Talaan Blg. 2

ORIHINAL SA INGLES	SALIN NG GOOGLE TRANSLATE
1. THE FOREIGNERS	1. ANG BANYAGA
2. You cannot blame us. We followed the sun	2. Hindi mo maaaring sisihin sa amin. Sinundan namin ang araw
3. And the rain with gladness and hope.	3. At lumagpak ang ulan may galak at may pag-asa.
4. There are many lands to go to,	4. Mayroong maraming lupain upang pumunta sa,
5. But we are astounded by your horizons,	5. Ngunit kami ay astounded sa pamamagitan ng iyong horizons ,
6. And we are glad we came with our children.	6. At kami ay natutuwa ay pinunta namin ang aming mga anak.
7. We came to share with the machinery of your greatness,	7. Dumating kami upang ibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan,
8. But we are unhappy to discover this:	8. Ngunit kami ay hindi masaya upang matuklasan na ito:
9. Your people are miserable from the lack of mutual speech,	9. Ang iyong mga tao ay miserable mula sa kakulangan ng mutual na salita,
10. And their children are stereotyped;	10. At ang kanilang mga anak ay estereotipiko.
11. We cannot be like them—	11. Hindi namin maaaring maging tulad ng mga ito—
12. We brought our country's speech with us.	12. Kami dinala speech ng ating bansa ay sa amin.
13. I am afraid I cannot write our own language,	13. Natatakot ako hindi ko isulat ang aming wika,
14. But I can work and walk in the streets	14. Ngunit maaari kong magtrabaho at maglakad sa mga lansangan
15. Peopled with men who know no compromise,	15. Ang mga taong may mga tao na alam walang kompromiso,
16. Till I stumble against you in the dark;	16. Till pagkatisod ko laban sa iyo sa pagdilim;
17. And I can rap at you and scratch you like a cat	17. At maaari kong rap sa iyo at scratch iyo tulad ng isang pusa,
18. And I can make you feel the strength of our city.	18. At maaari ba akong gumawa ng sa tingin mo ang lakas ng aming lungsod.
19. We can jump over the tall buildings like leaves	19. Maaari naming tumalon sa ibabaw ng matataas na gusali tulad ng dahon
20. But without words to deceive us,	20. At kung walang mga salita upang linlangin tayo,
21. And fall upon your feet	21. At daluhungin mo ang iyong mga paa
22. But without tears to deceive us—	22. At kung walang luha na linlangin tayo—
23. We are invincible with death!	23. Kami invincible sa kamatayan!
24. Look and examine us!	24. Hanapin at suriin sa amin!

Idiniin (boldface) ng mananaliksik-tagasalin ang mga salitang Ingles sa salin sa Filipino ng Google Translate. Mula rito susulong ang interbensiyon at pagsasalin ng mananaliksik. Hindi direktang isinalin ng Google Translate ang naturang mga salita (astounded, horizons, miserable, mutual, speech, till, rap, scratch, at invincible) dahil sa sumusunod na dahilan:

1. Buong orihinal na teksto ang isinalang sa Google Translate. Tulad nang isinaad ng Google Translate, mas mababa ang accuracy ng pagsasalin kapag mas marami ang salitang nilalaman ng tekstong isinasalin.
2. Nakapaloob sa parirala o pangungusap ang mga salitang “miserable,” “till,” “rap,” “scratch,” “mutual,” at “invincible.” Ngunit kapag isinalang sa Google Translate nang

nagsasarili ang nasabing mga salita, isasalin ito sa wikang Filipino o magmumungkahi ng mga salin bilang “kahabag-habag” (miserable), “hanggang” (till), “kumatok” (rap), “kumamot” o “makalmot” (scratch), “damayan” (mutual), at “walang talo” o “hindi magagapi” (invincible).

3. Maramihan ang bilang ng pangalan sa kaso ng salitang “horizons.” Ngunit kung ang isahang bilang ng pangalan ang isasalang sa Google Translate, magluluwal ito ng mga saling “kagiliran,” “abot ng tingin,” “abot-tanaw,” at “guhit-tagpuan.”
4. Pandiwa ang “astounded” na hindi matatagpuan sa corpus o database ng pagsasalin sa Filipino ng Google Translate. Ngunit kung isasalin ang salitang ugat na “astound” ay magluluwal ito ng mga salin—“magtaka,” “magpataka,” “mamangha,” o “mabigla.”

Mula sa hakbang na ito sa proseso ng pagsasalin, ang mananaliksik ay maaari nang maghinuha o umunawa batay sa pagsasaling estadistikal ng Google Translate. Ang produkto ng artificial intelligence guesses ng Google Translate ay kailangang isailalim sa paghinuha, kontekstuwalisasyon, at adaptasyon ng “makinang intelektuwal” ng tao. Nangangahulugan ang paghinuha ng “*making sense*” o pagtataghi ng kalakha’y transliteral na pagsasaling estadistikal ng Google Translate.

Sa Talaan Blg. 3, makikita kung paano isinalin ng mananaliksik ang tulang “The Foreigners” ni Bulosan mula sa paghinuha sa salin sa Filipino ng Google Translate nang isinasaalang-alang ang motibo at tema ng orihinal na akda sa wikang Ingles:

Talaan Blg. 3

SALIN NG GOOGLE TRANSLATE	SALIN NG MANANALIKSIK HALAW SA SALIN NG GOOGLE TRANSLATE
1. ANG BANYAGA 2. Hindi mo maaaring sisihin sa amin. Sinundan namin ang araw 3. At lumagpak ang ulan may galak at may pag-asa. 4. Mayroong maraming lupain upang pumunta sa, 5. Ngunit kami ay astounded sa pamamagitan ng iyong horizons, 6. At kami ay natutuwa ay pinunta namin ang aming mga anak. 7. Dumating kami upang ibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan, 8. Ngunit kami ay hindi masaya upang matuklasan na ito: 9. Ang iyong mga tao ay miserable mula sa kakulangan ng mutual na salita, 10. At ang kanilang mga anak ay estereotipiko. 11. Hindi namin maaaring maging tulad ng mga ito- 12. Kami dinala speech ng ating bansa ay sa amin. 13. Natatakot ako hindi ko isulat ang aming wika, 14. Ngunit maaari kong magtrabaho at maglakad sa mga lansangan 15. Ang mga taong may mga tao na alam walang kompromiso, 16. Till pagkatisod ko laban sa iyo sa pagdilim; 17. At maaari kong rap sa iyo at scratch iyo tulad ng isang pusa, 18. At maaari ba akong gumawa ng sa tingin mo ang lakas ng aming lungsod. 19. Maaari naming tumalon sa ibabaw ng matataas na gusali tulad ng dahon 20. At kung walang mga salita upang linlangin tayo, 21. At daluhungin mo ang iyong mga paa 22. At kung walang luha na linlangin tayo – 23. Kami invincible sa kamatayan! 24. Hanapin at suriin sa amin!	1. ANG MGA DAYUHAN 2. Hindi mo kami maaaring sisihin. Sinundan namin ang araw 3. At ang ulan nang buong-galak at puno ng pag-asa. 4. Maraming lupain na maaaring tunguhin, 5. Ngunit nahalina kami sa iyong abot-tanaw, 6. At natutuwa kami na isinama namin ang aming mga anak. 7. Pumarito kami upang makibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan, 8. Ngunit nalungkot kami sa aming natuklasan: 9. Kahabag-habag ang iyong mga mamamayan: wala silang iisang salita, 10. At ang kanilang mga anak ay pare-pareho, palasak; 11. Hindi kami maaaring maging tulad nila. 12. Dala namin ang wika ng aming bayan. 13. Paumanhin, hindi ko kayang isulat ang aming wika, 14. Ngunit maaari akong magtrabaho at maglakad sa lansangan 15. Kapisan ang mga taong hindi nangangayupapa, 16. Kung masumpungan natin ang isa’t isa sa dilim, 17. Bibigwasan kita at kakalmutin kita tulad ng pusa, 18. Upang maiparamdam ko sa iyo ang lakas ng aming lungsod. 19. Tulad ng mga dahon, kaya naming laktawan ang matataas na gusali, 20. Nang walang salitang makalililang sa amin, 21. At humapon sa iyong paanan, 22. Nang walang luha ng makalililang sa amin, 23. Hindi kami magagapi kahit sa kamatayan! 24. Kami’y iyong tingnan at pagmasdan!

Narito ang kada linyang paliwanag sa proseso ng pagsasalin na isinagawa ng mananaliksik-tagasalin mula sa salin ng Google Translate tungo sa sariling salin:

LINYA BLG. 1 / PAMAGAT.

Orihinal: The Foreigners

Google Translate: Ang Banyaga

Salin ng Mananaliksik: Ang mga Dayuhan

Isinalin ng Google Translate ang “The Foreigners” bilang “Ang Banyaga” dahil ito ay nakasulat sa malalaking titik. Ngunit kung maliliit na titik ang gagamitin, isasalin ang “the foreigners” bilang “ang mga dayuhan”. Ito rin ang salin na pinili ng mananaliksik-tagasalin dahil kapag ang salitang ugat sa Ingles na “foreign” ang isasalang sa Google Translate, “dayuhan” ang lumitaw na resulta ng pagsasalin. Sa katunayan, kapag iginoogle ang salitang “dayuhan” sa Google Search Engine, ang search returns nito ay humigit-kumulang dalawang milyong hits. Ibig sabihin, natagpuan ng Google Search na nasa dalawang milyon ang presensiya ng salitang “dayuhan” sa Google kumpara sa 370,000 hits ng salitang “banyaga”. Pinili rin ito ng mananaliksik dahil mas pamilyar na salita sa kasalukuyan ang dayuhan kaysa banyaga.

LINYA BLG. 2.

Orihinal: You cannot blame us. We followed the sun

Google Translate: Hindi mo maaaring sisihin sa amin.

Sinundan namin ang araw

Salin ng Mananaliksik: Hindi mo kami maaaring sisihin. Sinundan namin ang araw

“Hindi mo maaaring sisihin sa amin. Sinundan namin ang araw” ang salin ng Google Translate sa “You cannot blame us. We followed the sun.” Madali itong iwasto sa pamamagitan ng pagpapalit ng “sisihin” tungong “isisi.” Ngunit pinili ng mananaliksik-tagasalin na gawing “Hindi mo kami maaaring sisihin.” Ang “amin” ay ginawang “kami” at inilipat sa unahan ng “maaaring.” Tinanggal din ang salitang “sa.” Ito ang pinili ng tagasalin upang mas mabigyan ng diin ang malakas at aktibong salitang “sisihin” kaysa pangalang “amin.” Hindi binago ng tagasalin ang “Sinundan namin ang araw.”

LINYA BLG. 3.

Orihinal: And the rain with gladness and hope

Google Translate: At lumagpak ang ulan may galak at may pag-asa

Salin ng Mananaliksik: At ang ulan nang buong-galak at puno ng pag-asa

Isinalin ng Google Translate ang “And the rain with gladness and hope” bilang “At lumagpak ang ulan may galak at may pag-asa” dahil wala naman sa kapasidad ng Google Translate na unawaing magkadugtong ang ikalawa at ikatlong linya. Na naganap ang sesura sa “araw” ng ikalawang linya bilang paghahati-pagpapatuloy sa ikatlong linya. Kaya isinalin nito ang “rain” bilang “lumagpak” o “bumuhos ang ulan.” Mula sa isinalin ng Google Translate, pinili ng tagasalin na gawing “At ang ulan nang buong-galak at puno ng pag-asa” upang patingkarin ang pangkasaysayan at panlipunang konteksto ng panahon ni Bulosan—ang panlilinlang ng neokolonisador na Estados Unidos na ang kanilang bayan ay bayan ng gatas at pulut. Ginawa ito ng tagasalin sa pamamagitan nang intensipikasyon ng “may galak at may pag-asa” patungong superlatibong “buong-galak” at “puno ng pag-asa.” Aliteratibo rin ang pakay ng tagasalin sa “puno ng pag-asa”.

LINYA BLG. 4.

Orihinal: There are many lands to go to

Google Translate: Mayroong maraming lupain upang pumunta sa

Salin ng Mananaliksik: Maraming lupain na maaaring tunguhin

Ang estadistikal na salin ng Google Translate sa “There are many lands to go to” ay transliteral na “Mayroong maraming lupain upang pumunta sa.” Pinanatili ng mananaliksik ang “maraming lupain” at sa halip na mula sa pamilya ng salitang “punta” magbatay ang tagasalin ay pinili ang salitang “tunguhin” upang bigyang-diin na ang mga Pilipinong migrante ay hindi lamang payak na pumunta para bumisita ngunit tumungo sa Estados Unidos batay sa historikal na kondisyon ng pangako ng neokolonyalismo. Kaya pinili ng tagasalin na gawing “Maraming lupain na maaaring tunguhin” ang ikaapat na linya.

LINYA BLG. 5.

Orihinal: But we are astounded by your horizons

Google Translate: Ngunit kami ay astounded sa pamamagitan ng iyong horizons

Salin ng Mananaliksik: Ngunit nahalina kami sa iyong abot-tanaw

Ang orihinal sa Ingles na “But we are astounded by your horizons” ay isinalin ng Google Translate bilang “Ngunit kami ay astounded sa pamamagitan ng iyong horizons.” Tulad ng nabanggit sa itaas na bahagi, kinuha ng mananaliksik ang salitang ugat ng “astounded” na “astound” at ang isahang bilang ng “horizons” na “horizon” at ito ay isinalang sa Google Translate. Nagluwal ang “astound” ng “magtaka,” “magpataka,” “mamangha,” at “mabigla.” Walang pinili rito ang tagasalin dahil hindi nito nahuhuli ang pinakabuod ng orihinal na konteksto ng paggamit ni Bulosan sa “astounded” bilang “nalinlang,” “nahalina” o “nasilaw” ng neokolonyal na ilusyon ng pangigingibang-bayan. Kaya pinili ng tagasalin ang “nahalina” bilang pamalit sa “astounded.” Tinanggal din ng tagasalin ang salitang “pamamagitan.” Isinalin na ito bilang “Ngunit nahalina kami sa iyong abot-tanaw” upang bigyang diin na ang proseso ng panghahalina ay kinapapalooban ng operasyon ng panlilinlang.

LINYA BLG. 6.

Orihinal: And we are glad we came with our children

Google Translate: At kami ay natutuwa ay pinunta namin ang aming mga anak

Salin ng Mananaliksik: At natutuwa kami na isinama namin ang aming mga anak

“At kami ay natutuwa ay pinunta namin ang aming mga anak” ang salin ng Google Translate sa “And we are glad we came with our children.” Translital ang pagsasaling estadistikal nito na madali lamang nareporma sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga salita batay sa gramatika. Pinalitan ng tagasalin ng pandiwang “isinama” ang “pinunta” upang maging “At natutuwa kami na isinama namin ang aming mga anak.” Pinili ng tagasalin na “natutuwa” sa halip na “nagagalak” dahil nagamit nang pangsalin ang salitang “galak” sa ikatlong linya.

LINYA BLG. 7.

Orihinal: We came to share with the machinery of your greatness

Google Translate: Dumating kami upang ibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan

Salin ng Mananaliksik: Pumarito kami upang makibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan

Ang salin ng Google Translate na “Dumating kami upang ibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan” sa orihinal na “We came to share with the machinery of your greatness” ay katanggap-tanggap na maliban sa maling paggamit ng pandiwang “ibahagi.” Iwinasto ang pandiwa bilang “makibahagi.” Pinalitan din ng tagasalin ang “dumating” ng “pumarito” upang bigyang diin na desisyon ang pagtungo sa Estados Unidos upang makibahagi sa ipinagmamalaking mayamang industriya ng kapitalistang bansa—ang “makinarya ng kadakilaan”—tulad nang ibinandila nito. Ang pinal na salin ay naging “Pumarito kami upang makibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan.”

LINYA BLG. 8.

Orihinal: But we are unhappy to discover this

Google Translate: Ngunit kami ay hindi masaya upang matuklasan na ito

Salin ng Mananaliksik: Ngunit nalungkot kami sa aming natuklasan

Ang orihinal na “But we are unhappy to discover this” ay isinalin ng Google Translate bilang “Ngunit kami ay hindi masaya upang matuklasan na ito.” Maaari itong iwasto bilang “Ngunit kami ay hindi masaya nang matuklasan ito” ngunit pinili ng tagasalin ang isang-salitang salin na “nalungkot” para sa “unhappy.” Pinili rin ng tagasalin na gawing mas maikli ang linya at hindi magtapos sa salitang “ito.” Pinakamalakas, sa pananaw ng tagasalin, ang salitang “natuklasan” kaya ito ang ginamit para sa huling salita ng linya: “Ngunit nalungkot kami sa aming natuklasan.”

LINYA BLG. 9.

Orihinal: Your people are miserable from the lack of mutual speech

Google Translate: Ang iyong mga tao ay miserable mula sa kakulangan ng mutual na salita

Salin ng Mananaliksik: Kahabag-habag ang iyong mga mamamayan: wala silang iisang salita

Ang orihinal na “Your people are miserable from the lack of mutual speech” ay isinalin ng Google Translate bilang “Ang iyong mga tao ay **miserable** mula sa kakulangan ng **mutual** na salita.” Kapansin-pansing hindi pinalitan ng Google Translate ang mga salitang “miserable” at “mutual.” Pinili ng tagasalin na gawin itong “Kahabag-habag ang iyong mga mamamayan: wala silang iisang salita” upang idiin na bagamat ginagamit na ang indihenisadong “miserable” sa wikang Filipino ay malakas ang salitang “kahabag-habag” upang idikdik ang emosyon at kontekstong ininugan ni Bulosan. Ang “mutual” naman ay pinili ng tagasalin na gawing “iisang” upang pagitawin ang dobleng-kahulugan: na ang mananakop ay walang dangal ng salita o “walang iisang salita” habang sinasabi na bagamat ang mga Amerikano ay may pambansang wika na Ingles ay hindi pa rin sila nagkakaunawaan, lalo na’t lohika ng kapital ang pinairral ng gobyerno nito.

LINYA BLG. 10.

Orihinal: And their children are stereotyped

Google Translate: At ang kanilang mga anak ay estereotipiko

Salin ng Mananaliksik: At ang kanilang mga anak ay pare-pareho, palasak

Hindi poetiko ang salitang “estereotipiko” sa lirisismo ng orihinal at maging sa salin ng linyang “And their children are stereotyped.” Isinalin ito ng Google Translate bilang “At ang kanilang mga anak ay estereotipiko.” Upang maipakita ang konteksto ni Bulosan sa paggamit ng salitang “stereotyped” bilang paglalarawan sa mga anak ng mamamayan ng Estados Unidos na pinaniniwala nito sa ilusyon ng pananakop bilang pagsasalba sa neokolonya, pinili ng tagasalin ang aliteratibong mga salitang “pare-pareho” at “palasak.” Ang pinal na salin ay ginawang “At ang kanilang mga anak ay pare-pareho, palasak.”

LINYA BLG. 11.

Orihinal: We cannot be like them

Google Translate: Hindi namin maaaring maging tulad ng mga ito

Salin ng Mananaliksik: Hindi kami maaaring maging tulad nila.

Sa linyang ito tumitindi ang “othering” o “pag-iiba” ng sarili bilang pagpapatuloy mula sa ika-10 linya. Ang

estadistikal na transliterasyon ng Google Translate ay irerebisa lamang nang kaunti upang maging pinal na salin na “Hindi kami maaaring maging tulad nila.”

LINYA BLG. 12

Orihinal: We brought our country's speech with us.

Google Translate: Kami dinala speech ng ating bansa ay sa amin

Salin ng Mananaliksik: Dala namin ang wika ng aming bayan.

Ang tila “barok” na transliteral at estadistikal na pagsasalin ng Google Translate ay naglalaman ng di-binagong “speech.” Bansa, ang heyograpikal na kategorya, ang ginamit pangsalin ng Google Translate sa orihinal na “country.” Ngunit bilang diin na ang pinatutungkulan ni Bulosan sa “country” ay hindi lamang heyograpikal kundi politikal at kultural rin, pinili ng tagasalin ang salitang “bayan” bilang panghalili sa “country” upang pagitawin ang politikal na layunin ni Bulosan: “Dala namin ang wika ng aming bayan,” na nagpapatingkad din ng usapin ng identidad at bayan.

LINYA BLG. 13

Orihinal: I am afraid I cannot write our language

Google Translate: Natatakot ako hindi ko isulat ang aming wika

Salin ng Mananaliksik: Paumanhin, hindi ko kayang isulat ang aming wika,

Ang salin ng Google Translate sa orihinal na “I am afraid” ay “Natatakot ako.” Ngunit hindi naman talaga takot ang emosyonal na ekwibokasyon na ipinahihiwatig ni Bulosan sa orihinal kundi pagkilala sa kakayahan at limitasyon ng isang dayuhan. Kasingkahulugan nito ang pahiwatig na “I am sorry” na nangangahulugang limitasyon, kaya ang salin ng mananaliksik sa “afraid” ay “paumanhin.” May halo rin itong depensang ideolohikal lalo na kung itutuloy sa konteksto ng ika-14 na linya. Sinasabi ng orihinal na bagamat may limitasyon ang personang dayuhan ay may iba itong kalakasan at kakayahan na matutunghayan sa ika-14 at susunod na mga linya. Pinili ng tagasalin, kung gayon, ang pinal na “Paumanhin, hindi ko kayang isulat ang aming wika.”

LINYA BLG. 14

Orihinal: But I can work and walk in the streets

Google Translate: Ngunit maaari kong magtrabaho at maglakad sa mga lansangan

Salin ng Mananaliksik: Ngunit maaari akong magtrabaho at maglakad sa lansangan

Sa lahat ng salin ng Google Translate sa mga linya ng tula ni Bulosan ay ito ang pinakamalapit sa wastong gramatika ng wikang Filipino. Masasabing ito ang pinakamatagumpay sa buong pagsasalin ng Google Translate sa tulang “The Foreigners.” Ang “kong” ay pinalitan lamang ng tagasalin ng “akong” upang magluwal ng pinal na bersiyon na “Ngunit maaari akong magtrabaho at maglakad sa lansangan.”

LINYA BLG. 15

Orihinal: Peopled with men who know no compromise

Google Translate: Ang mga taong may mga tao na alam walang kompromiso,

Salin ng Mananaliksik: Kapisan ang mga taong hindi nangangayupapa,

Ang “peopled” sa orihinal ay nagsilbing pandiwa kakabit ng ika-14 na linya. Sinasabi nitong maaari at kaya ng dayuhan na “magtrabaho at maglakad sa lansangan” dahil ang lansangan ay pinamumugaran ng iba pang tao na dayuhan din at hindi nakikipagkompromiso. Ibig sabihin ay “ligtas” ang pakiramdam ng dayuhan sa piling ng iba pang dayuhang tulad niya, na ayon nga kay Evangelista ay kaanak o di kaya’y kababayan o kaprobinsiya rin (1985). Ibig sabihin ay parepareho silang mga “taong hindi nangangayupapa.” Pinili ng tagasalin ang salitang “kapisan” bilang salin ng “peopled” upang idiin ang konsepto ng pagiging magkamag-anak o magkababayan, at ang “hindi nangangayupapa” bilang pagdidiin sa hindi pagpapasailalim.

LINYA BLG. 16

Orihinal: Till I stumble against you in the dark

Google Translate: Till pagkatisod ko laban sa iyo sa pagdilim;

Salin ng Mananaliksik: Kung masumpungan natin ang isa’t isa sa dilim,

Ang salitang “pagkatisod” ang salin ng Google Translate sa “stumble” kapag nasa loob ito ng buong orihinal na ika-16 na linya. Ngunit kung

“stumble” lamang ang isasalang sa Google Translate ay iluluwal nito ang mga salin sa Filipino na “madapa,” “makasumpong,” “matisod,” “magkasala,” “matapyok,” “magkamali,” at “matagpuan.” Makikita, kung gayon, ang lawak ng database sa Filipino ng Google Translate para sa salitang “stumble.” Kaya pinili ng tagasalin ang “masumpungan” sa halip na “matisod” upang ipakita ang elemento ng “foreshadowing”—na may nakahandang hakbang ang dayuhan kung maka-engkwentro ang taal na mamamayan ng Estados Unidos. Ang pinal na mungkahing salin ay “Kung masumpungan natin ang isa’t isa sa dilim.”

LINYA BLG. 17

Orihinal: And I can rap at you and scratch you like a cat

Google Translate: At maaari kong rap sa iyo at scratch iyo tulad ng isang pusa,

Salin ng Mananaliksik: Bibigwasan kita at kakalmutin kita tulad ng pusa,

Narito ang kaibuturan ng “foreshadowing” sa ika-16 na linya. Dito mas lilinaw na ang ika-16 na linya ay isang pagbabanta mula sa dayuhan. Pag-usad ito mula sa naunang paglalata ng limitasyon ng dayuhan sa mga linya 13 hanggang 15 na higit pang titindi sa ika-17 hanggang ika-18 linya. Hindi isinalin ng Google Translate ang “rap” at “scratch” dahil nakapaloob ito sa buong linya nang isalin, ngunit malinaw na ang dalawang salita ay pumapatungkol sa karahasan, agresyon o depensa na maaaring ipataw ng dayuhan sa makakasagupa niya. Higit itong lilinaw kapag isinalang isa-isa ang bawat salita sa Google Translate. Ang “rap” ay isinalin ng Google Translate bilang “pagdusahan,” “magdusa,” “kumatok,” o “pumukpok.” Dito kikilalanin ng tagasalin na ang “rap” na tinuturan ni Bulosan ay agresibong aksiyon. Mas pipiliin ng tagasalin ang salitang “bigwasan” na wala sa mga iminungkahi ng Google Translate. “Bigwasan” upang ipakita ang lalong higit na kakayahan o kapangyarihan ng dayuhan. Ang “scratch” ay malinaw na isasalang bilang “kakalmutin” dahil sa reperensiya sa “cat” sa orihinal. Ang pinal na bersiyon ng salin ay “Bibigwasan kita at kakalmutin kita tulad ng pusa.”

LINYA BLG. 18

Orihinal: And I can make you feel the strength of our city

Google Translate: At maaari ba akong gumawa ng sa tingin mo ang lakas ng aming lungsod.

Salin ng Mananaliksik: Upang maiparamdam ko sa iyo ang lakas ng aming lungsod.

Sa bilingual corpus ng Google Translate, ang orihinal na “I can” ay isinalin bilang “maaari ba akong” na tila ang “I can” ay naging “can I” na patanong. Ang “city” ay isinalin ng Google Translate bilang “lungsod” sa halip na siyudad. Sa kaunting pagbabago, ang naging pinal na salin ay “Upang maiparamdam ko sa iyo ang lakas ng aming lungsod” na aliteratibong poetikal sa “lakas ng aming lungsod.”

LINYA BLG. 19

Orihinal: We can jump over the tall buildings like leaves

Google Translate: Maaari naming tumalon sa ibabaw ng matataas na gusali tulad ng dahon

Salin ng Mananaliksik: Tulad ng mga dahon, kaya naming laktawan ang matataas na gusali

Translital ang estadistikal na salin ng Google Translate sa “We can jump over the tall buildings” upang magluwal ng salin na “Maaari naming tumalon sa ibabaw ng matataas na gusali tulad ng dahon.” Ngunit para iwasto ito, isinalin ng mananaliksik ang “jump over” bilang “laktawan” na nangangahulugang “tumalon sa ibabaw.” Inilipat naman ng tagasalin ang “tulad ng dahon” at ginawang maramihan ang bilang upang hindi maipagkamali na ang inilalarawan ng “tulad ng mga dahon” ay ang “gusali.” Sa pinal na salin, pagigitawin ng tagasalin ang linyang “Tulad ng mga dahon, kaya naming laktawan ang matataas na gusali.”

LINYA BLG. 20

Orihinal: But without words to deceive us

Google Translate: At kung walang mga salita upang linlangin tayo,

Salin ng Mananaliksik: Nang walang salitang makalilinlang sa amin,

Nangangahulugan ang orihinal ni Bulosan na “But without words to deceive us” na dahil iba ang wikang bitbit at ginagamit ng dayuhan ay walang anumang salita ang mga mamamayan ng Estados Unidos na

makapangloloko o makapanlilinlang sa dayuhan. Wasto naman ang pagsasalin dito ng Google Translate, ngunit sa poetikong tinig ng tagasalin ay nirebisa ito bilang pinal na “Nang walang salitang makalilinlang sa amin.”

LINYA BLG. 21

Orihinal: And fall upon your feet

Google Translate: At daluhungin mo ang iyong mga paa

Salin ng Mananaliksik: At humapon sa iyong paanan,

“Daluhungin” ang salin ng Google Translate sa “fall upon.” Habang tama at kung tutuusin ay malalim na Tagalog ang ginamit na pangsalin ng Google Translate, mas malapit na kasing-kahulugan ng “daluhungin” ang “sumalakay” o “lumusob” kaysa “mahulog” o “malaglag” o “lumapag.” Ang sentral na imahen na pinatutungkulan sa “And fall upon your feet” ay ang mga dayuhan bilang “mga dahon” na “mahuhulog” o “malaglag” sa paanan ng kaaway. Ngunit pinili ng tagasalin ang katangian o aksiyon ng pagdapo ng mga ibon sa sanga bilang poetikong paglalapat sa paglapag ng mga dahon sa paanan. Kaya ang operatibong salitang ginamit pangsalin ng mananaliksik-tagasalin ay “humapon.” Kung pagdurugtungin ang pagkakasalin ng ika-19 at ika-21 mga linya ay magbubunsod ito ng “Tulad ng mga dahon, kaya naming laktawan ang matataas na gusali... At humapon sa iyong paanan.”

LINYA BLG. 22

Orihinal: But without tears to deceive us

Google Translate: At kung walang luha na linlangin tayo—

Salin ng Mananaliksik: Nang walang luhang makalilinlang sa amin,

Sa pagpapatuloy ni Bulosan sa poetikong sitwasyon, ang ika-22 linya sa orihinal na “But without tears to deceive us” ay marapat isalin sa parallel na sitwasyon ng ika-20 linya na “Nang walang salitang makalilinlang sa amin.” Bagamat medyo malapit ang pagsasaling isinagawa ng Google Translate, isinaayos at iwinasto ito ng tagasalin bilang “Nang walang luhang makalilinlang sa amin.”

LINYA BLG. 23

Orihinal: We are invincible with death!

Google Translate: Kami invincible sa kamatayan!

Salin ng Mananaliksik: Hindi kami magagapi kahit sa kamatayan!

Hindi isinalin ng Google Translate ang salitang “invincible” sa orihinal na ika-23 linya. Ngunit kapag isinalang nang mag-isa ang salitang “invincible” sa Google Translate ay magluluwal ito ng mga mungkahing salin na “walang talo,” “hindi magagapi,” at “hindi malulupig.” Pinili ng tagasalin ang “Hindi kami magagapi kahit sa kamatayan!” bilang bahagi ng pagpapanatili at pagpapatuloy ng poetikong tinig.

LINYA BLG. 24

Orihinal: Look and examine us!

Google Translate: Hanapin at suriin sa amin!

Salin ng Mananaliksik: Kami’y iyong tingnan at pagmasdan!

Ang “look” sa orihinal ay isinalin ng Google Translate bilang “hanapin” sa halip na “tingnan” o “tunghayan,” habang ang “examine” naman ay “suriin” na tila mas angkop sa medikal o akademikong sitwasyon. Ito ang rurok ng hamon ng dayuhan ni Bulosan—na mula sa pagbabanta ay paghahamon ang itinatambol ng dayuhan sa kaaway. Hamon na pagmasdang mabuti ang dayuhan bago isiping mahina siya. Ang pinal na salin ay “Kami’y iyong tingnan at pagmasdan!” upang maidiin ang poetikong sitwasyon sa imperatibong salitang “pagmasdan” bilang mapanghamong tono ng tula.

Limitasyon at Asersiyon

Nagpahulas ng mungkahi ang mananaliksik-tagasalin kung paanong maaaring maging pangtulong na teknolohiya ang Google Translate sa mga proyekto ng pagsasalin sa akademya at maging sa iba pang ideolohikal na larangan.

Naipakita ang limitasyon ng Google Translate—na nakasalalay ito sa lawak ng lawas ng database nito. Mababasa ito sa dalawang paraan: Una, pagyamanin ang database sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas ng Google Translate upang mapaunlad ang pagiging epektibo nito sa pagsasalin. Ikalawa, naroroon ang kabatiran na anumang ambag na ilalagak at isasalang sa Google Translate ay tiyak nang pribadong pagmamay-

ari ng *Google*. Mainam, kung gayon, at kung tutuusin, na makalikha ng independiyente at pampublikong machine translator na mapapaunlad nang walang takot sa pribatisasyon at komersiyalisasyon nito. Kung naisasaproyekto na ito ng mga ahensiyang pangwika at pangkultura ng gobyerno, o ng akademya, o ng mga kilusang panlipunan, maaaring tunay na makalikha ng mas representatibo at mas may makabayang tuon na mga corpus at database, online man o offline.

Sa ngayon, ang Google Translate ay isang teknolohikal na inobasyon ng pagsasalin na maaaring gamitin. At ang halimbawa ng pagsasaling isinagawa ng mananaliksik sa tulong ng Google Translate ay maaaring magsilbing hulma ng proseso para sa iba pang pagsasalin.

Higit sa lahat, hindi rin kailangang matali sa makinang ito ng kapitalista. Dahil ang karanasan, kakayahan, at ahensiya ng tagasalin bilang mamamayan ay ang tunay na mga makina ng pagsasalin.

SALIN**ANG MGA DAYUHAN**

Salin ng “The Foreigners” ni Carlos Bulosan

Salin ni Mykel Andrada

Hindi mo kami maaaring sisihin. Sinundan namin ang araw

At ang ulan nang buong-galak at puno ng pag-asa.

Maraming lupain na maaaring tunguhin,

Ngunit nahalina kami sa iyong abot-tanaw,

At natutuwa kami na isinama namin ang aming mga anak.

Pumarito kami upang makibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan,

Ngunit nalungkot kami sa aming natuklasan:

Kahabag-habag ang iyong mga mamamayan: wala silang iisang salita,

At ang kanilang mga anak ay pare-pareho, palasak;

Hindi kami maaaring maging tulad nila.

Dala namin ang wika ng aming bayan.

Paumanhin, hindi ko kayang isulat ang aming wika, Ngunit maaari akong magtrabaho at maglakad sa lansangan

Kapisan ang mga taong hindi nangangayupapa,

Kung masumpungan natin ang isa’t isa sa dilim,

Bibigwasan kita at kakalmutin kita tulad ng pusa,

Upang maiparamdam ko sa iyo ang lakas ng aming lungsod.

Tulad ng mga dahon, kaya naming laktawan ang matataas na gusali,
Nang walang salitang makalililang sa amin,
At humapon sa iyong paanan,
Nang walang luhang makalililang sa amin,
Hindi kami magagapi kahit sa kamatayan!
Kami'y iyong tingnan at pagmasdan!

ORIHINAL SA INGLIS NI CARLOS BULOSAN

THE FOREIGNERS

Carlos Bulosan

You cannot blame us. We followed the sun
And the rain with gladness and hope.
There are many lands to go to,
But we are astounded by your horizons,
And we are glad we came with our children.
We came to share with the machinery of your greatness,
But we are unhappy to discover this:
Your people are miserable from the lack of mutual speech,
And their children are stereotyped;
We cannot be like them—
We brought our country's speech with us.

I am afraid I cannot write our own language,
But I can work and walk in the streets
Peopled with men who know no compromise,
Till I stumble against you in the dark;
And I can rap at you and scratch you like a cat
And I can make you feel the strength of our city.

We can jump over the tall buildings like leaves
But without words to deceive us,
And fall upon your feet
But without tears to deceive us—
We are invincible with death!
Look and examine us!

SALINSA FILIPINO NG GOOGLE TRANSLATE

ANG BANYAGA

Google Translate ng "The Foreigners" ni Carlos Bulosan

Hindi mo maaaring sisihin sa amin. Sinundan namin ang araw
At lumagpak ang ulan may galak at may pag-asa.
Mayroong maraming lupain upang pumunta sa,
Ngunit kami ay **astounded** sa pamamagitan ng iyong **horizons**,
At kami ay natutuwa ay pinunta namin ang aming mga anak.
Dumating kami upang ibahagi sa makinarya ng iyong kadakilaan,
Ngunit kami ay hindi masaya upang matuklasan na ito:
Ang iyong mga tao ay **miserable** mula sa kakulangan ng **mutual** na salita,
At ang kanilang mga anak ay estereotipiko.
Hindi namin maaaring maging tulad ng mga ito—
Kami dinala **speech** ng ating bansa ay sa amin.

Natatakot ako hindi ko isulat ang aming wika,
Ngunit maaari kong magtrabaho at maglakad sa mga lansangan
Ang mga taong may mga tao na alam walang kompromiso,
Till pagkatisod ko laban sa iyo sa pagdilim;
At maaari kong **rap** sa iyo at **scratch** iyo tulad ng isang pusa,
At maaari ba akong gumawa ng sa tingin mo ang lakas ng aming lungsod.

Maaari naming tumalon sa ibabaw ng matataas na gusali tulad ng dahon
At kung walang mga salita upang linlangin tayo,
At daluhungin mo ang iyong mga paa
At kung walang luha na linlangin tayo—
Kami **invincible** sa kamatayan!
Hanapin at suriin sa amin!

SANGGUNIAN

- Bulosan, Carlos. *Now You Are Still and Other Poems*. Manila: Kalikasan Press, 1991. Print.
- Bulosan, Carlos. "The Foreigners." Nasa *On Becoming Filipino: Selected Writings of Carlos Bulosan*. Inedit ni E. San Juan, Jr. Philadelphia: Temple University Press, 1995. Print.
- Evangelista, Susan. *Carlos Bulosan and His Poetry: A Biography and Anthology*. Ateneo de Manila University Press, 1985. Print.
- Quismundo, Tarra. "Google asks Pinoys to translate Web to Filipino, Cebuano." *Inquirer*, 14 Ago. 2016, <http://technology.inquirer.net/44084/google-asks-pinoys-to-translate-web-to-filipino-cebuano>. Agosto 30, 2015. Inakses 14 Ago. 2016.
- San Juan, E. Jr. *Bulosan: An Introduction with Selections*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc. 2004. Print.
- San Juan, E. Jr. *Carlos Bulosan and the Imagination of the Class Struggle*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1972. Print.
- San Juan, E. Jr. (pat.). *On Becoming Filipino: Selected Writings of Carlos Bulosan*. Philadelphia: Temple University Press, 1995. Print.
- San Juan, E. Jr. "War in the Filipino Imagination: Filipino Writers in the United States Wrestling with the Minotaur." *War, Literature and the Arts: An International Journal of the Humanities*. Department of English and Fine Arts, United States Air Force Academy, Colorado, Vol. 25, 2013. https://www.wlajournal.com/wlaarchive/25_1/San%20Juan.pdf. Inakses 14 Ago. 2016.